慈濟快報
TZU CHI EXPRESS

Buddhist Tzu Chi Foundation, Philippines
76 Cordillera cor. Agno Sts., Brgy. Doña Josefa, QC
(632) 732-0001
Tzu Chi Great Love Campus
1000 Cordillera cor. Lubiran Sts., Bacood, Sta. Mesa, Mla.
(632) 714-1188; 714-2288
Jing Si Books & Café
Soler Tower, 1342 Soler St., Sta. Cruz, Mla.
(632) 733-3296
tzuchi_phils@ph.tzuchi.org
www.tzuchi.org.ph

Edisyon 43, Pebrero 2017 Libreng Ipinamamahagi

"Ang paggawa ng maraming kabutihan ay pagwaksi ng maraming alalahanin.." -- Master Cheng Yen

Biyayang mula sa pagsisikap

Sa panulat at kuhang larawan nina Erin Uy at Jamaica Digo

Ang kanilang likas na pagiging maparaan ang nagsilbing lakas ng mga taga-Catanduanes upang maitawid ang bawat araw matapos silang lubhang maapektuhan ng hagupit ni Bagyong Nina.

Isang halimbawa ay si Richard Jarilla mula sa ikatlong distrito ng munisipalidad ng San Miguel.

Nang mawasak ang kanilang kubo matapos dumaan sa probinsya ng Catanduanes ang Bagyong Nina noong ika-25 ng Disyembre, hindi nag aksaya ng oras si Richard at mabilis na sinimulan ang pagaayos ng bahay niya.

Dahil sa isla ng Catanduanes na matatagpuan sa Karagatang Pasipiko ipinanganak at nagkamalay si Richard, lumaki siya sa paniwalang hindi maiiwasan ang pamumuo ng bagyo, pagtama nito sa kanilang lupain, at kung minsan ay iiwanan sila nito na wala nang bahay.

Sa pagdaan ng panahon ay natutunan niya na kumilos ng mabilis upang itaguyod ang pamilya sa halip na ubusin ang panahon sa pag-iisip ng mga bagay na nawala na.

Ito ang kanyang ginawa sa pagdaang ng Bagyong Nina. Nagpunta siya sa kabundukan upang mangolekta ng mga natumbang kahoy at kawayan. Nanghiram din sya ng pawid mula sa manukan ng kapit-bahay. Sa tulong ng kaniyang kakayahan sa pagkakarpintero, ang mga ito ang kaniyang ginamit upang magtayo ng pansamantalang tahanan para sa kaniyang pamilya.

Kadalasan, matapos ang malakas na bagyo ay inaabot si Richard ng higit sa isang buwan bago muling makapagtayo ng disenteng tahanan para sa kaniyang asawa at tatlong anak. Ito ay dahil kailangan din niyang maghanap-buhay upang may maipambili ng pagkain at mga materyales na gagamitin. Sa kaniyang libreng oras lamang nagagawang kumpunihin ni Richard ang kanilang bahay.

▲ Sa pamamagitan ng tulong pinansiyal mula sa Tzu Chi, nagawang matapos ni Richard Jarilla ang pagtatayong muli ng kanilang tahanan na nasira ng Bagyong Nina.

▲ Sa pagbisita ng mga Tzu Chi volunteer sa bayan ng San Miguel ay nasaksihan nila ang determinasyon ng mga residente na makabangon muli matapos ang mapaminsalang Bagyong Nina.

Gaya ng maraming residente ng San Miguel, ikinabubuhay ni Richard ang pag-ani ng abaka. Mula rito ay kumikita siya ng Php500. Ngunit kung dumarating ang bagyo ay nasisira ang mga abaka. Sa panahon naman ng tag-init ay nagkakaubusan na ng mga hiblang maaaring anihin kung kaya kailangan ni Richard humanap ng ibang paraan upang kumita.

Bukod sa pagtulong-tulong sa gawaing konstruksyon, tumatanggap din siya ng pansamantalang mga trabaho o di kaya ay nangingisda sa malapit na ilog. Kumikita siya ng Php150-300 mula sa mga trabahong ito.

Ngunit matapos ang Bagyong Nina, hindi magawa ni Richard na magtrabaho at iwanan ang kaniyang pamilya sa kanilang pansamantalang tahanan habang patuloy ang tag-ulan. Sa loob ng isang linggo, ang tanging kinapitan ng pamilya ay ang mga tulong na relief hanggang sa dumating ang mga volunteer ng Tzu Chi Foundation sa kanilang bayan. Ang pagbisita ng mga volunteer ay naglalayong malaman at maintindihan ang kalagayan ng mga nasalanta ng bagyo upang matulungan sila ng ayon sa kanilang pangangailangan.

Agad na namahagi ng tulong pinansiyal ang Tzu Chi sa mga biktima ng bagyo. Ang mga pamilyang nawalan ng tahanan ang unang

(Sundan sa pahina 2)

Biyayang mula sa ...

(Mula sa pahina 1)

nakatanggap ng nasabing tulong.

Noong ika-10 ng Enero, isa si Richard sa mga pumila sa labas ng Philippine National Bank (PNB) sa Virac, Catanduanes upang tumanggap ng Php5,000 tulong pinansiyal. Nakipagtulungan ang Tzu Chi sa nasabing bangko para sa pagpapadala ng salapi mula Maynila patungo sa mga benepisyaryo nito sa Catanduanes.

1,007 pamilya mula sa mga pinaka-apektadong munisipalidad ng Bato, Baras, San Miguel, at San Andres ang nabigyan ng tulong.

Matapos makuha ang tulong, agad na pumunta si Richard sa hardware store upang bumili ng yero, pako, at plywood. Ang mga kagamitan ay umabot ng Php3,000.

Ayon kay Richard, sapat na ang Php5,000 na tulong pinansiyal upang maitayong muli ang kaniyang tahanan.

"Bumili ako ng yero para sa bubong, plywood para sa ding-ding, at ilang pako dahil makakakuha naman ako ng mga kawayan mula sa kabundukan. Isa pa, ilan sa mga materyales na hindi gaanong nasira mula sa dati naming tahanan ay mapapakinabangan pa," sabi ni Richard.

Matapos bumili ay nagsimula na si Richard na tapusin ang pagkukumpuni ng kanilang tahanan. Sa loob lamang ng dalawang araw, ang plastic na nagsilbing ding-ding sa kanilang kwarto ay napalitan na ng kahoy. Ang kaniyang asawa ay nakakapagluto na rin ng maayos matapos makapaglagay ng yero sa kanilang kusina.

"Ang nagdaang bagyo bago ito ay kasing lakas din ng Nina. Natapos ko ang bahay naming sa loob ng halos isang buwan dahil kailangan kong bumili ng materyales ng paunti-unti," sabi ni Richard. "Ngunit ngayon, sa loob lamang ng dalawang linggo ay natapos ko na ito dahil sa tulong ng Tzu Chi."

▲ Matapos matanggap ang tulong mula sa Tzu Chi, agad na nagtungo si Richard Jarilla sa hardware upang bumili ng mga materyales sa pagtatayong muli ng kanilang tahanan.

Ang kaniyang asawang si Rose Ann ay naluha nang makita ang kanilang bahay na ayos na. "Napakasaya ko dahil dumating ang tulong na ito sa amin at naging posibleng maayos ang aming bahay ng mabilis. Malaking bagay ito sa amin dahil ngayong maayos na ang aming bahay, magagawa nang makabalik sa trabaho ng aking asawa," sabi ng 28 anyos na ina.

Bukod sa pagsasayos ng kanilang tahanan, ang tulong pinansiyal mula sa Tzu Chi ay ginamit din ng pamilya para sa kanilang iba pang pangangailangan.

"Ginamit namin ang natira sa pagpapagamot sa aming anak na babae," sabi ni Richard. "Tamang-tama dahil nagkaroon ng sakit sa balat ang aking anak matapos ang bagyo kaya nadala ko na siya sa doktor at nakabili na rin ng mga gamot."

Matapos dumaan ang bagyo, ang kanilang 7-taong-gulang na anak na si Julie Ann ay nagsimulang indahin ang pangangati ng kaniyang mga daliri dahil sa paglalaro sa maduming tubig-ulan. Ngunit dahil sa kakulangan sa pinansiyal ay hindi nagawa ng mag-asawa na dalhin ang anak sa doktor.

Tunay na walang imposible kung magsusumikap at kusang darating ang biyaya sa taong masipag.

▲ Upang maitayong muli ang kanilang bahay, nangolekta ng mga kawayan at mga nabuwal na puno sa kabundukan si Richard Jarilla.

Dakilang pagmamahal para sa mga Maralitang Kapatid

Makikiisa sa aming pagsisikap na matulungan ang ating mga kapatid na nangangailangan sa iba't ibang panig ng bansa.

Ang iyong kabutihang-loob ay makapagbabago sa buhay ng libo-libo nating kababayan, makapagbigay ng inspirasyon sa ibang tao, at makapagpapanumbalik ng normal na pamumuhay ng mga naaapektuhang pamayanan.

• Bukas-palad naming tinatanggap ang inyong donasyon na ilalaan sa mga misyon ng samahan. Makipag-ugnayan lamang sa 732-0001 local 211 o 223 o bumisita sa aming website sa www.tzuchi.org.ph

• Maaaring ideposito ang inyong mga donasyon sa **METROBANK, Del Monte Branch.** Account Name: Tzu Chi Foundation, Philippines. Account Number: 163-3-16307190-9

Mangyaring ipadala ang inyong deposit slip at tumawag sa tanggapan ng Tzu Chi. Ang bawat donasyon ay pagkakalooban ng resibo. Fax Number: 732-0001 local 213.

Like and Subscribe

to get more updates

tzuchi.org.ph TzuChiPH TzuChiPH